

"Hindi ka nagkakaroon ng pangalawang pagkakataon upang gumawa ng magandang unang impresyon."

– Matandang Kawikaan

Ang Katiyakan ng Paghuhukom

Ang tunay na paniniwala ay may gantimpala sa kabilang buhay, habang ang kawalan ng pananampalataya ay may kaakibat na kaparusahan—ngunit ito ay hindi mo gugustuhin. Ito ang naging mensahe ng lahat ng mga propeta sa buong kasaysayan. Paano natin mapapatunayan ang

buhay pagkatapos ng kamatayan?

Saan pa maisasaayos ang mga kawalang-katarungan sa mundong ito? Maraming mabubuting tao ang nagdurusa, habang ang masasama ay namumuhay sa karangyaan. Kung ang Diyos ay makatarungan, kung gayon, ang tunay na hustisya ay dapat lumampas sa buhay na ito.

Ang Araw ng Paghuhukom

Sa Araw ng Paghuhukom, ang ating mga gawa ay isusulat at tatatakan. Wala nang pagkakataon upang bumalik at itama ang ating nakaraan. Ang sangkatauhan ay paghihiwalayin batay sa kanilang pananampalataya at mga gawa—ang mga mananampalataya ay gagantimpalaan, samantalang ang mga tumanggi sa pananampalataya at sumuway ay haharap sa kanilang kaparusahan.

Sino ang Maliligtas?

Ang mga Hudyo ay nasa tamang landas hanggang sa kanilang pagtangga sa mga huling propeta tulad ni Juan Bautista at Hesus.

Ang mga Kristiyano ay sumunod sa gabay ng Diyos hanggang sa kanilang pagtangga sa huling propeta, si Muhammad.

Ang mga Muslim ay naniniwala na ang lahat ng propeta ay nagturo ng pagsuko sa Diyos (Islam), ngunit ang huling kapahayagan sa Quran ang pumalit sa mga naunang kasulatan.

Katarungan sa Paghuhukom

Ang mga nakaaalam tungkol sa Islam ngunit tinanggihan ito ay parurusahan.

Ang mga sadyang hindi naghanap ng kaalaman tungkol sa Islam dahil sa kapabayaang ay mananagot din.

Ang mga hindi kailanman nagkaroon ng pagkakataong malaman ang katotohanan ay susubukin sa Araw ng Paghuhukom batay sa kanilang katapatan.

Ang hustisya ng Diyos ay ganap.

Ang mga taimtim na naghanap ng katotohanan ay hindi madadaya, habang ang mga tumanggi sa banal na patnubay ay mananagot sa kanilang ginawa.



Ang Katarungan ng Paghuhukom

